IMMACULADA

Parokya ng Immaculada Concepcion
Pto Rivas, Balanga City
Tel. No. 237-0207

Vol. 2, Isyu 7; Hulyo 2007

LIMANG PRUWEBA NI STO. TOMAS NA MAY DIYOS

May limang paraan kung paano mapatutunayan na may Diyos. Ang una at madaling makitang pruweba ay ang argumento mula sa paggalaw o mosyon ng mga bagay. Maraming bagay sa paligid natin na gumagalaw…at may nagpagalaw sa mga ito. Dahil ang mosyon ay ganito lang: ang potensyal ng isang bagay na makagalaw ay ginagawang aktuwal. Subalit kailangang may isang bagay na magsimula ng mosyon. Walang bagay sa ating paligid na magisang gagalaw. At ang nagpagalaw ay kailangang may nagpagalaw din. Subalit kung ano ang nagpagalaw ay hindi natin pwedeng tuntunin hanggang sa walang hanggan; kailangang huminto tayo sa pinaka-unang nagpagalaw, na hindi pinagalaw ng anupaman. At, sa pagkaunawa natin, ito ay ang Diyos. Subukan ninyo ang pangangatwirang ito sa kaso ng sanlibutan.

Ang pangalawang pruweba ay mula sa katunayan ng "sanhi at epekto" (cause and effect). Marami sa mundong sanhi na may kani-kaniyang epekto. Meron ding pinaka-huling epekto; kung magkagayon, hindi maaring marami ang sanhi nito, siyempre isa lamang ang sanhi nito. Kaya't kailangang tanggapin natin na may unang sanhi, at ito ay ang Diyos.

Ang pangatlong pruweba ay mula sa posibilidad at pangangailangan. May mga bagay sa ating paligid na sumisipot at, sa paglipas ng panahon, ay nawawala rin; ang mga ito'y namamatay o nabubulok. Kayat dati'y nariyan (o buhay) sila at sa dakong huli'y wala na (o patay na) sila.

At tulad ng "cause and effect", imposibleng tuntunin hanggang sa walanghanggan ang pagsusunud-sunod ng nariyan sila at wala na sila. Ngunit hindi tayo pwedeng magsimula sa "posibilidad na wala na sila"; kailangang nariyan muna bago masimulan ang pagsusunud-sunod ng nariyan at wala na.

Kayat kailangan nating tanggapin na "may isang bagay na sa simula pa'y nariyan na"; Siya'y hindi nagmula sa anupaman o kaninoman. Sa halip, sa kanya nagmula ang lahat ng ibang bagay. At tinatawag natin Siyang Diyos.

Ang ika-apat na pruweba ay ang pagkakaroon ng iba't ibang antas ng mga katangian. May mga taong mas maraming katangian kaysa iba… tulad halimbawa ng kabaitan, katapatan, kadakilaan. At may mga taong mas nakakahigit sa isang katangian kaysa iba; sila'y mas mabait o mas tapat o mas dakila kaysa iba. Meron ding pinaka-matindi o sukdulan anag isang katangian tulad halimbawa nito: ang apoy ang pinaka-mainit, at ang ibang bagay ay may kani-kaniyang grado ng init. Ganoon din ang mga maybuhay; ang pinaka-dakila sa kanila ay siyang pinagmulan ng ganyang katangian. Tiyak na may sukdulan ang katapatan, kagandahan, kabaitan at lahat ng iba pang katangian. At ito ay ang Diyos.

Ang ikalima ay mula sa pangangasiwa ng mundo. May mga abagay na walang katalinuhan (o intelligence), tulad ng sanlibutan (o universe), na iisa ang kilos tungo sa isang katapusan. Kung wala silang katalinuhan, tiyak ne merong isang matalino na namamatnubay sa kanila, tulad ng pana (walang katalinuhan) na itinututok ng namamana sa gusto niyang patamaan. Ang matalinong patnubay na ito ay tinatawag nating Diyos. WF *

Mensahe:

Fr. Lides S. Pomer